

ORTOGRAPIYA YA MALAWÉG

Ortograpiya
ng Malawég

ORTOGRAPIYA YA MALAWÉG

Karapatang-sipi © 2016 nina Laarni O. Baloran, Mildred Q. Manicad, Arceli A. Gundan, at ng Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon 02

RESERBADO ANG LAHAT NG KARAPATAN. Walang bahagi ng librong ito ang maaaring sipiin o gamitin nang walang naka-sulat na pahintulot mula sa may-akda at tagapaglathala.

The National Library of the Philippines CIP Data

Recommended entry:

Ortograpiya ya malaweg = Ortograpiya ng malaweg.
– Maynila : Komisyon sa Wikang Filipino, [2016],
c2016.
pages ; cm

ISBN 978-621-8064-00-3

Visayan and Filipino text.

1. Malaweg dialect – Orthography and spelling.
2. Malaweg dialect – Grammar.

499.218813 PL5851 2016 P620160352

Inilathala ng



KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

Gusaling Watson, 1610 Daang JP Laurel
1005 San Miguel, Maynila
Tel. 02-733-7260 • 02-736-2525
Email: komfil@kwf.gov.ph
Website: www.kwf.gov.ph

Nilalaman

- | | |
|-----------|----------------------------------------------------------------------------|
| 7 | MENSAHE |
| 9 | INTRODUKSIYON |
| 14 | GRAFEMA
Grafema |
| 18 | PANTIG ENTRE PALAPANTIGAN
Pantig at Palapantigan |
| 22 | ISPELING DAYA ERGO
Pagbaybay na Pasalita |
| 30 | PAGISPELING NGA PATTURA
Pagbaybay na Pasulat |
| 36 | MATTAGUNUD YA PANTIG ENTRE DIPTONGGO
Kambal-Patinig at Diptonggo |

38

MATTAGUNUD YA KATINIG

Kambal-Katinig

42

PANOLI KIN DAYA TULDIK

Pagbabalik sa mga Tuldik

44

KEYUSARAN YA DAS

Mga Gamit ng Gitling

49

**ANG MGA BUMUO NG ORTOGRAPIYA
NG MALAWEG**

ORTOGRAPIYA YA MALAWÉG

ORTOGRAPIYA
NG MALAWÉG



REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
DEPARTMENT OF EDUCATION

Regional Office No. 02 (Cagayan Valley)

Regional Government Center, Carig Sur
Tuguegarao City, 2500



Mabuhay DepEd Rehiyon 02!

Isang malaking tagumpay para sa DepEd Rehiyon 02 sa tulong ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang makabuo ng ortograpiya para sa iba't ibang katutubong wika sa Lambak Cagayan. Bilang kauna-unahang rehiyon sa buong bansa na may pinakamaraming bilang ng ortograpiyang nailimbag ay isang karangalan upang marating ang puso ng bawat mamamayang Filipino habang hinuhubog natin ang kanilang magandang kinabukasan gamit ang mga katutubong wika para sa kanilang edukasyon.

Ito'y isang patunay na táyo ay sensitibo sa pangangailangan ng ating mag-aaral at sa lahat ng mga adhikain ng ating departamento na mabigyan ng pantay, napapanahon, sapat at de-kalidad na edukasyon ang lahat ng tao lalong-lalo na ang mga katutubo.

Ang mga ortograpiyang ito ay magsisilbing gabay at batayán ng mga lokal na manunulat ng ating rehiyon upang maisaalang-alang ang isang estandardisadong paraan ng pagsulat (kontekstuwalisasyon) ng mga kagamitang pampagtuturo para sa mga batang mag-aaral gamit ang kani-kanilang mother-tongue.

Hudyat din ito ng ating pagpapalawig sa programang Mother-Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE) na may layuning maipaliwanag nang mas malinaw, kongkreto at makabuluhan ang mga konseptong dapat maláman ng mga mag-aaral.

Dahil dito, lubos kong pinasasalamatan ang buong Komisyon sa Wikang Filipino sa pamumuno ni Virgilio S. Almario, National Artist sa tulong, suporta at libreng kopya ng mga aklat na ito. Ito ay simbolo ng ating iisang layunin na maiangat ang kalidad ng edukasyon sa ating bansa.

Binabati ko rin ang lahat ng mga manunulat sa walang humpay na paglalaan ng oras at tiyaga sa simula hanggang matapos ang proyektong ito.

Ang tagumpay na ito ay tagumpay nating lahat.
Táyong lahat, TAYO! para sa K to 12.

ESTELA LEON-CARIÑO, EdD, CESO IV
Director III
Officer In-Charge

INTRODUKSIYON

Ang pagnanais na matugunan ang pangangailangan ng mga lokal na manunulat at guro sa Rehiyon 02 para sa isang estandardisadong pagsulat ng mga kagamitan sa pagtuturo gamit ang katutubong wika ay naging tulay upang mabuo ang mga ortograpiyang ito.

Ito ay naglalaman ng mga ibá't ibáang tuntunin tungkol sa tamang pagbabaybay o ispeleng at iba pang mga aspektong may kinalaman sa pagsulat.

Ang ortograpiyang ito ay sinikap na maisaayos upang magabayan ang mga manunulat ng mga kagamitan sa pagtuturo gamit ang katutubong wika na naaayon sa wastong paraan ng pagsulat at may konsistensi sa paggamit ng wika batay sa mga nakalahad na tuntunin.

Inaasahan namin na ito ay makakatulong sa mga guro para mas mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pagtuturo ng mother-tongue at bílang pagkilala sa karapatan ng bawat katutubo na mabigyan ng dekalidad na edukasyon gamit ang kanilang sariling wika.

Nawa'y pahalagahan at gamitin natin ito bílang batayan sa pagsulat ng maikling kuwento, tula, sanaysay, at iba pang mga pangunahing kagamitan sa pagtuturo upang mapangalagaan at mapayabong ang lahat ng mga katutubong wika sa buong Lambak Cagayan.

Dahil sa inyo, ang aklat na ito ay nabuo. Ingatan natin ito.

JAMES D. PAMITTAN
MTB-MLE Supervisor

Ya Malaweg e asissá nga ergo ki Rizal nga mosar ki pangi-yíplemento ki K-12 Curriculum mamegapu ki Kindergarten adde ikálu nga gradu.

Daya mamestra e nakatutuk ki pagangwa kam meysar ki pattúldu nga nakatura kam Malaweg tase inna metuldu yaw nga ergo nga íssa nga asignatura.

Ya gíya ki Orthograpiya nga Malaweg e asan ngammin yaw daya mon- onud no munya mattura nga meyusa ya ergo nga Malaweg. Nággapu dayaw nga dorob ki Ortograpiyang Pambansa entre nagge ergowan nga dorob, konsultasyon, entre pangverifika , náwa kiya kontrobersyal kiya ispeleng.

Iyaw nga giya, kayat mi nga mákkasta ya dorob ya grafema eno ya pattura kandaya simbulo entre daya mabulun kiya keyusaran entre ya pabbuyat kindaya simbulo na. Dayaw e masserbi nga giya tase mapalistu ya máttuldu, malippawat entre meysar yaw nga ergo. Makakoppun pakam yaw nga magitransleyt ka ergo, tagatura entre daya mappanday ki panitikan nga Malaweg.

Madi perfekto yaw nga giya ngam kada guyu nga mappange kiya istardandisadong ispeleng e íssa nga pagintresan nga makoppun ki mappánge ki nakasta nga pattura entre pabbuyat kiya ergo nga Malaweg.

Malaweg ang isa sa mga pangunahing wika ng Rizal na ginagamit sa pagpapatupad ng K-12 Curriculum mula Kindergarten hanggang ikatlong baitang.

Ang mga guro ay lubos na nakatuon sa paggawa ng mga kagamitang panturo na nakasulat sa Malaweg upang ituro ang katutubong wika bilang isang asignatura.

Ang Gabay sa Orthograpiyang Malaweg ay binubuo ng mga tuntunin kung paano sumulat gamit ang wikang Malaweg. Hinango ang mga tuntunin sa Ortograpiyang Pambansa at sa mga napagkasunduang mga tuntunin, bunga ng mga naganap na forum , konsultasyon , at pagbeberipa , hinggil sa mga kontrobersiyal na usapin sa ispeleng.

Sa gabay na ito, ninanais palaganapin ang estandardisadong grafema o pasulat na mga simbolo at mga tuntunin sa paggamit at pagbigkas ng mga simbolong ito. Ang mga ito ay magsisilbing gabay para madaling ituro, maintindihan, at gamitin ang nasabing wika. Makatutulong din ito sa mga tagasaling-wika, tagasulat, at mga kompositor sa paglinang ng panitikang Malaweg.

Hindi perpekto ang gabay na ito ngunit bawat pagkilos tungo sa estandardisadong ispeleng ay isang pagsisikap na makatulong tungo sa higit na mabisang pag-agapay sa pagsulat at pagbigkas ng wikang Malaweg.

1 | GRAFEMA

Ya keyusaran ya ortograpiya e pagitransleyt kiya grafema kiya pagergo entre pabbuyat. Ya grafema kiya Malaweg e nabuu ka letra entre di-letra.

1.1. Letra. Daya letra e simbulo ya íssa nga úni ya ergo. Asan da katinig entre patinig na yaw. Daya letra e nginganan nga alpabeto.

Ya alpabetong Malaweg e asan duwa pulu en walu (28) nga letra. Nginganan dayaw nga letra ka alpabetong Malaweg náwa kiya kebuyatan na.

Aa <i>ey</i>	Bb <i>bi</i>	Cc <i>si</i>	Dd <i>di</i>	Ee <i>i</i>	Ff <i>ef</i>	Gg <i>dyi</i>
Hh <i>eyts</i>	Ii <i>ay</i>	Jj <i>dyey</i>	Kk <i>key</i>	Ll <i>el</i>	Mm <i>em</i>	Nn <i>en</i>
Ññ <i>enye</i>	Ngng <i>endyi</i>	Oo <i>o</i>	Pp <i>pi</i>	Qq <i>kyu</i>	Rr <i>ar</i>	Ss <i>es</i>
Tt <i>ti</i>	Uu <i>yu</i>	Vv <i>vi</i>	Ww <i>dobolyu</i>	Xx <i>eks</i>	Yy <i>way</i>	Zz <i>zi</i>

Tiya duwa pulu en walu (28) nga letra, duwa pulu en tallu (23) ya katinig. Dayaw daya katinig: Bb, Cc, Dd, Ff, Gg, Hh, Jj, Kk, Ll, Mm, Nn, Ññ NGng, Pp, Qq, Rr, Ss, Tt, Vv, Ww, Xx, Yy, Zz Lima (5) ya patinig Aa, Ee, Ii, Oo, Uu.

1 | GRAFEMA

Pangunahing tungkulin ng ortograpiya ang paglalapat ng grafema sa pagpapahayag na pasalita at bigkas. Ang mga grafema sa Malaweg ay binubuo ng mga titik at mga di-titik.

1.1. Titik. Ang titik o letra ay sagisag ng isang tunog sa pagsasalita. Binubuo ito ng mga katinig at patinig. Ang serye ng mga titik o letra ay tinatawag na alpabeto.

Ang alpabetong Malaweg ay binubuo ng 28 na letra.

Aa <i>ey</i>	Bb <i>bi</i>	Cc <i>si</i>	Dd <i>di</i>	Ee <i>i</i>	Ff <i>ef</i>	Gg <i>dyi</i>
Hh <i>eyts</i>	Ii <i>ay</i>	Jj <i>dyey</i>	Kk <i>key</i>	Ll <i>el</i>	Mm <i>em</i>	Nn <i>en</i>
Ññ <i>enye</i>	Ngng <i>endyi</i>	Oo <i>o</i>	Pp <i>pi</i>	Qq <i>kyu</i>	Rr <i>ar</i>	Ss <i>es</i>
Tt <i>ti</i>	Uu <i>yu</i>	Vv <i>vi</i>	Ww <i>dobolyu</i>	Xx <i>eks</i>	Yy <i>way</i>	Zz <i>zi</i>

Sa dalawampu't walo (28) letra, dalawampu't tatlo (23) ang katinig. Ang sumusunod ay mga katinig: Bb, Cc, Dd, Ff, Gg, Hh, Jj, Kk, Ll, Mm, Nn, Ññ, Ngng, Pp, Qq, Rr, Ss, Tt, Vv, Ww, Xx, Yy, Zz . Lima (5) ang patinig Aa, Ee, Ii, Oo, Uu.

1.2 Madi nga Letra. Ya madi nga letra e asan daya tuldik entre daya bantas. Ki Malaweg e adi mangusar ka tutuldik adi kagitta ya dadduma nga ergo. Ya tuldik eno aksent e gíya no munya ya pabbuyat kiya ergo. Ka lingguwistika, ya simbolo para kiya impit nga úni eno ya angngilandat eno kiya kadaddu ya pabbuyat. Ki alpabetong malaweg, tallu ya meyusa nga tuldik (1) tuldik nga paabres nga simbolo para ki impit nga úni eno ya kadaddu, (2) tuldik nga sulyat (`), entre (3) tuldik nga pakupya (^).

Ya marka e meyusar kíndaya blanko entre púntu daya ergo kiya tangnga daya letra, pantig entre panángngan daya ergo entre ya madi nga kumpleto nga ideya (phrase), entre daya nattángngan daya kumpleto nga ideya (sentence). Dayaw ya marka nga kanayun meyusa: ya kuwit(,) túldâk(.), marka nga pappobut (?), marka nga makalágat (!), túldâk-kuwit (;), túldâk-túldâk (:), apostrofi ('), das (-).

1.2. Di- Titik. Ang di-titik ay binubuo ng mga tuldik at mga bantas. Ang malaweg ay di gumagamit ng tutuldik di gaya ng ibang wika. Ang tuldik o asento ay gabay sa paraan ng pagbigkas ng mga salita. Sa lingguwistika, itinuturing ang tuldik na simbolo para sa impit na tunog o kaya sa diin o haba ng pagbigkas. Sa Alpabetong Malaweg tatlo ang ginagamit na tuldik (1) ang tuldik na pahilis na sumisimbolo sa diin o haba, (2) tuldik na paiwa (`) at (3) tuldik na pakupya (^).

Ang bantas ay kumakatawan sa mga patlang at himig ng pagsasalita sa pagitan ng mga titik at pantig, sa pagitan ng mga salita at parirala, at sa pagitan ng mga pangungusap. Mga karaniwang bantas ang kuwit (,), tuldok (.), tandang pananong (?), tandang padamdang (!), tuldok-kuwit (;), tutuldok (:), kudlit ('), at gitling (-).

2 | PANTIG ENTRE PALAPANTIGAN

2.1. Ya Nekapanday ya Pantig. Ya pantig e asan issá nga patinig, eno issá nga katinig, entre issá nga patinig, eno duwá o mas adu pakam nga katinig entre issá nga patinig. Dayaw ya nekapanday ya pantig nga pattura nga simbolo entre manádag nga P ya **patinig** entre ya K ya **katinig**.

Kayarian	Daya Ehemplo
P	e
KP	ka, ya
PK	et
PKP	kod
KKP	pla•no, fru•tas
KKPK	plan
KPKK	dorm
KKPK	trak, plan•tsa
KKPKK	tsart
KKPKKK	shorts

2.2. Paggadwagadwa ya Ergo. Dayaw ya reglamento ya paggád wagádwa ya ergo nga Malaweg:

2 PANTIG AT PALAPANTIGAN

2.1. Kayarian ng Pantig. Ang pantig ay maaaring binubuo ng isang patinig, o isang katinig at isang patinig, o dalawa o mahigit pang katinig at isang patinig. Sumusunod ang kayarian ng pantig sa pasulat na simbolo at kinakatawan ng P ang **patinig** at ng K ang **katinig**:

Kayarian	Mga Halimbawa
P	e
KP	ka, ya
PK	et
PKP	kod
KKP	pla•no, fru•tas
KKPK	plan
KPKK	dorm
KKPK	trak, plan•tsa
KKPKK	tsart
KKPKKK	shorts

2.2. Pagpapantig ng mga Salita. Ang mga sumusunod ay mga tuntunin sa pagpapantig ng mga salitang Malaweg:

Dámu, no ya mattagunúd nga katinig kiya tangnga ya issa nga ergo, ya dámu nga katinig e mebulun kiya katagunud na nga patinig entre ya mékadwa e mebulun tiya metagunúd nga pantig. Ehempro: dinutdútan /**di•nut•du•tan**/ (inalisan ng balahibo), malláku /**mal•la•ku**/ (magtinda), nammaga /**naam•ma•ga**/ (natuyo), mattura /**mat•tu•ra**/ (magsulat), marka /**mar•ka**/ (marka).

Mekádwa, no asan tallu nga matatagonud nga katinig ki issá nga ergo mábbulun aya monna nga katinig, ya mekatállu e mebulun kiya metagunud nga pantig. Ehempro: falamengko /**fa•la•meng•ko**/ (kutsilyo), kengkeng /**keng•keng**/ (kampana), kansiyon /**kan•si•yon**/ (awit), eksperto /**eks•per•to**/, inspirasyon /**ins•pi•ras•yon**/.

Mekálu, no asan mattagunud nga duwa eno adu pakam nga patinig ki tangnga eno pamalinan, iyaw e megungay nga pantig. Ehempro: fiyansa /**fi•yan•sa**/ (piyansa), leet /**le•et**/ (mabagal sa pagsasalita), mait /**ma•it**/ (mais), maili /**ma•i•li**/ (kabute), linait /**li•na•it**/ (isang uri ng malagkit).

Una, kapag may magkasunod na katinig sa loob ng isang salita, ang unang katinig ay isinasama sa sinusundang patinig at ang ikalawa ay isinasama sa kasunod na pantig. Halimbawa: dinutdútan /**di•nut•du•tan**/ (inalisan ng balahibo), malláku /**mal•la•ku**/ (magtinda), nammaga /**nam•ma•ga**/ (natuyo), mattura /**mat•tu•ra**/ (magsulat), marka /**mar•ka**/ (marka).

Pangalawa, kapag may tatlong magkakasunod na katinig sa loob ng isang salita, ang unang dalawa ay sumasama sa patinig ng sinundang pantig at ang ikatlo, ay napupunta sa kasunod na pantig. Halimbawa: falamengko /**fa•la•meng•ko**/ (kutsilyo), kengkeng /**keng•keng**/ (kampana), kansiyon /**kan•si•yon**/ (awit), eksperto /**eks•per•to**/, inspirasyon /**ins•pi•ras•yon**/.

Ikatlo, kapag may magkasunod na dalawa o mahigit pang patinigs sa posisyong panggitna o pandulo, ito ay inihihwalay na pantig. Halimbawa: fiyansa /**fi•yan•sa**/ (piyansa), leet /**le•et**/ (mabagal sa pagsasalita), mait /**ma•it**/ (mais), maili /**ma•i•li**/ (kabute), linait /**li•na•it**/ (isang uri ng malagkit).

3 | ISPELING DAYA ERGO

Aggíssa nga pabbuyat ka napyá nga patatagonud daya letra nga mangumpleto ki issá nga ergo, pantig, daglat, akronim, inisyals, entre símbulo nga pangsiyensiya entre daya dadduma pakam.

3.1. Pantig

Pattura	Pagispeling
ba	/biy-ey/
to	/ti-o/
ud	/yu-di/
mat	/em-ey-ti/

3.2. Ergo

Pattura	Pagispeling
danum	/di-ey-en-yu-em/
mangan	/em-ey-endyi-ey-en/
balay	/bi-ey-el-ey-way/
Lunis	/dakal nga el-yu-en-ay-es/

3 | PAGBAYBAY NA PABIGKAS

sa-isang binibigkas sa maayos na pagkakasunod-sunod ang mga letrang bumubuo sa isang salita, pantig, akronim, daglat, inisyals, simbolong pang-agram at iba pa.

3.1. Pantig

Pagsulat	Pagbigkas
ba	/biy-ey/
to	/ti-o/
ud	/yu-di/
mat	/em-ey-ti/

3.2. Salita

Pagsulat	Pagbigkas
danum	/di-ey-en-yu-em/
mangan	/em-ey-endyi-ey-en/
balay	/bi-ey-el-ey-way/
Lunis	/dakal nga el-yu-en-ay-es/

3.3. Akronim

Pattura	Pagispeling
PNP (Philippine National Police)	/dakal nga pi-dakal nga en-dakal nga pi/
LGU (Local Government Unit)	/dakal nga el-dakal nga dyi-dakal nga yu/
WHO (World Health Organization)	/dakal nga dobolyu-dakal nga eyts-dakal nga o/
DOLE (Department of Labor and Employment)	/dakal nga di-dakal nga o-dakal nga el-dakal nga i/
ALS (Alternative Learning System)	/dakal nga ey-dakal nga el-dakal nga es/

3.4. Pappababbat ka Ergo

Pattura	Pagispeling
Dr. (doktor)	/dakal nga di-ar tuldak/
Atty. (Attorney)	/dakal nga ey-ti-ti-way tuldak/
Mr. (Mister)	/dakal nga em-ar tuldak/
Gov. (Governor)	/dakal nga dyi-o-vi tuldak/
Pres. (Presidente)	/dakal nga pi-ar-i-es tuldak/

3.3. Akronim

Pagsulat	Pagbigkas
PNP (Philippine National Police)	/ kapital pi-kapital en-kapital pi/
LGU (Local Government Unit)	/ kapital el-kapital dyi-kapital yu/
WHO (World Health Organization)	/ kapital dobolyu-kapital eyts-kapital o/
DOLE (Department of Labor and Employment)	/ kapital di-kapital o-kapital el-kapital i/
ALS (Alternative Learning System)	/ kapital ey-kapital el-kapital es/

3.4. Daglat

Pagsulat	Pagbigkas
Dr. (doktor)	/ kapital di-ar tuldok/
Atty. (Attorney)	/ kapital ey-ti-ti-way tuldok/
Mr. (Mister)	/ kapital em-ar tuldok/
Gov. (Governor)	/ kapital dyi-o-vi tuldok/
Pres. (Presidente)	/ kapital pi-ar-i-es tuldok/

3.5. Inisyals

3.5.1. Daya Tolay eno Arwatan

Pattura	Pagispeling
EGA (Erna Gundan Angeles)	/dakal nga i-dakal nga dyi-dakal nga ey/
MQM (Mildred Quinagoran Manicad)	/dakal nga em-dakal nga kyu-dakal nga em/
LOB (Laarni Ostol Baloran)	/dakal nga el-dakal nga o-dakal nga bi/
tv (television)	/ti-vi/
cp (cellphone)	/si-pi/

3.5.2. Institusyon/Samahan/Babalay

Pattura	Pagispeling
SFA (Saint Francis Academy)	/dakal nga es-dakal nga ef-dakal nga ey/
RPSTA (Rizal Public School Teachers Association)	/dakal nga ar-dakal nga pi-dakal nga es-dakal nga ti-dakal nga ey/
UP (University of the Philippines)	/dakal nga yu-dakal nga pi/
GSP (Girl Scout of the Philippines)	/dakal nga dyi-dakal nga es-dakal nga pi/
NGO (Non-government Organization)	/dakal nga en-dakal nga dyi-dakal nga o/

3.5. Inisyals

3.5.1. Mga Tao at Bagay

Pagsulat	Pagbigkas
EGA (Erna Gundan Angeles)	/kapital i-kapital dyi-kapital ey/
MQM (Mildred Quinagoran Manicad)	/kapital em-kapital kyu-kapital em/
LOB (Laarni Ostol Baloran)	/kapital el-kapital o-kapital bi/
tv (television)	/ti-vi/
cp (cellphone)	/si-pi/

3.5.2. Institusyon/Samahan

Pagsulat	Pagbigkas
SFA (Saint Francis Academy)	/kapital es-kapital ef-kapital ey/
RPSTA (Rizal Public School Teachers Association)	/kapital ar-kapital pi-kapital es-kapital ti-kapital ey/
UP (University of the Philippines)	/kapital yu-kapital pi/
GSP (Girl Scout of the Philippines)	/kapital dyi-kapital es-kapital pi/
NGO (Non-government Organization)	/kapital en-kapital dyi-kapital o/

3.5.3. Simbolo nga Pang-agham/Pangmatematika

Pattura	Pagispeling
H ₂ O (Hydrogen Oxide)	/dakal nga eyts-tu-dakal nga o/
Au (gold)	/dakal nga ey-yu/
km (kilometro)	/key-em/
kg (kilogramo)	/key-dyi
ft (feet)	/ef-ti/

3.5.3. Simbolong Pang-agham/Pangmatematika

Pagsulat	Pagbigkas
H ₂ O (Hydrogen Oxide)	/kapital eyts-tu-kapital o/
Au (gold)	/kapital ey-yu/
km (kilometro)	/key-em/
kg (kilogramo)	/key-dyi
ft (feet)	/ef-ti/

4 | PAGISPELING NGA PATTURA

Ki ngammin, mabulun ya regulasyon nga no nagan ya kabuyatan na, e ináy ya ketura na.

4.1. Keyusaran ya walu (8) nga takkaw nga Letra.

Issá nga nangunsiyan ya pagispeling nga pattura e ya keyusaran ya walu nga babbagu nga neyamung nga letra: **C, F, J, Ñ, Q, V, X, Z**. Ya monna nga keyusaran na dayaw e ya pangipreserba kiya kagitta na ka úni kiya pattura kindaya ergo nga naggapu kindaya ergo daya mannakam tiya Filipinas. Daya letra nga F, J, V, en Z e importante pánang tase marespeto daya kagitta na nga úni nga antik nga ergo. Adi kagitta kitun, kitu nonna nga abakada nga ya “Ifugaw” e metura nga “Ipugaw” ono “Ivatan e metura nga “Ibatan”. Dayaw pakam daya dadduma nga ehemplo: **Cariño, finu, Jose, Quinagoran, x-ray, zigzag, Virgo**.

4.2. Bagu nga takkaw nga ergo. Meyusar ya walu nga neyamung nga letra kindaya bagu nga takkaw nga ergo nga naggapu kindaya Español, Ingles, entre daya dadduma nga ergo dayu. Madi mawag isoli ki orihinal nga itsura daya tinakkaw nga ergo nga meyusa ki pagispeling nga naggapu ki abakada. Ehemplo:

porma madi *forma*

pinya madi *piña*

tseke madi *cheque*

sapatos madi *zapatos*

4 | PAGBAYBAY NA PASULAT

Sa pangkalahatan, natutupad pa rin ang payak na tuntuning “kung ano ang bigkas, siyang sulat”.

4.1. Gamit ng walong (8) Hiram na Letra. Isang pagbabago sa pagbaybay na pasulat ang paggamit ng walong dagdag na titik sa makabagong alpabeto: **C, F, J, Ñ, Q, V, X, Z**. Pangunahing gamit nito ang pagpapanatili ng mga kahawig na tunog sa pagsulat ng mga salita mula sa katutubong wika ng Pilipinas. Ang mga titik na F, J, V, at Z ay napakaimportante upang maigalang ang mga kahawig na tunog sa mga katutubong wika. Hindi tulad noong unang panahon ng abakada na ang “Ifugaw” ay isinusulat na “Ipugaw” o ang “Ivatan ay isinusulat na “Ibatan”. Narito pa ang ibang halimbawa: **Cariño, finu, Jose, Quinagoran, x-ray, zigzag, Virgo**.

4.2. Bagong Hiram na Salita. Ginagamit ang walong dagdag na titik sa mga bagong hiram na salita mulang Español, Ingles, at ibang wikang banyaga. Hindi kinakailangang ibalik sa orihinal na anyo ang mga hiram na salitang lumaganap na sa baybay ng mga ito alinsunod sa abakada. Halimbawa:

porma hindi *forma*

pinya hindi *piña*

tseke hindi *cheque*

sapatos hindi *zapatos*

banyo madi *baño*

4.3. Daddadan nga Ergo Español. Nakalista daya dadan nga takkaw nga ergo nga naggapu kindaya Espanyol nga nesimmu ki pangiabakada kindaya úni ya dayu nga ergo gitta na pe ya pangúnsi daya itsura daya orihinal nga ergo kagitta daya: **bakasyon** (*vacacion*), **kandela** (*candela*), **letson** (*lechon*), sebolyas (*cebollas*).

4.4. Di mataltalyan nga bagu nga takkaw. Mekunsidera nga bagu nga takkaw nga ergo daya: **folder**, **van**, **Visa**, **carrot**, **zigzag**, **elf**, **jam**.

4.5. Eksperimento ki Ingles. Ki ngammin, nepábulun entre inállukuy ya dadduma pakam nga eksperimento ki reispeling eno ya pangi-Malaweg ki ispeling daya bagu nga takkaw nga ergo ki Inglis entre dadduma pakam nga dayu nga ergo. Ehemplo: **kolor** (*color*), **boksing** (*boxing*), **daspan** (*dust pan*), **istak** (*stock*), **daster** (*duster*).

4.6. Español labit lige Ingles. Náwa kindaya problema, nerekomenda nga mepugâd ya paddepende pánang ki Ingles. Imbes, pwede nga pilyan ya kagitta na nga kebalinan nga ergo nga nággapu ka Español. Dye bit ta asan kagitta na ka itsúra, ta mas monud ya ergo Español tiya ábbuyat entre ággispeling ki Malaweg ngam ya Ingles. Ággina nga iyaw ya basehan ya ergo Malaweg. Ehemplo: **bagahé**, **birtud**, **isla**, **imahen**, **sabun**.

banyo hindi *baño*

4.3. Lumang Salitang Español. Nakatanghal sa inilistang mga lumang hiram na salita mulang Espanyol ang naganap sa pagsasaabakada ng mga tunog na banyaga gayundin ang pagbaluktot sa anyo ng mga orihinal na salita na gaya ng: **bakasyon** (*vacacion*), **kandela** (*candela*), **letson** (*lechon*), sebolyas (*cebollas*).

4.4. Di Binabagong Bagong Hiram. Maituturing na bagong hiram ang mga salitang tulad ng: **folder, van, Visa, carrot, zigzag, elf, jam.**

4.5. Eksperimento sa Ingles. Sa pangkalahatan, ipinahihintulot at ginaganyak ang higit pang eksperimento sa reispeling o pagsasa-Malaweg ng ispeling ng mga bagong hiram sa Ingles at ibang wikang banyaga. Halimbawa: **kolor** (*color*), **boksing** (*boxing*), **daspan** (*dust pan*), **istak** (*stock*), **daster** (*duster*).

4.6. Español Muna, Bago Ingles. Dahil sa mga naturang problema, iminumungkahi ang pagtitimpi sa lubhang pagsandig sa Ingles. Sa halip, maaaring unang piliin ang singkahulugang salita mulang Español, lalo't may nahahawig na anyo, dahil higit na umaalinsunod ang wikang Español sa bigkas at baybay na Filipino kaysa Ingles. Kung kaya't ito na rin ang naging batayan ng Wikang Malaweg. Halimbawa: **bagae, birtud, isla, imahen, sabun.**

4.7. Eksperimento ki Español. Iyaw ya ginurat nga eksperimento kiya pangumpleto ki ergo Español. Kanayun nga mesímmu no ippay mu ya panlapi ki pamalinán ya ergo nga pattawag. Ehemplo: **siyentista, siyentipiko, piyanist.**

4.8. Keyusaran ya Español nga Y. Asan ispesyal nga keyusaran ya titik Y nga mabuyat kagitta ya letra I kagitta ya “itura,” entre kagitta ya kebalinan ya “entre” nga metuluy ya keyusaran ki Filipino. Ya keyusaran na yaw, eno metura ya kumpleto nga ngagan ya lalaki kabulun ya apelyidu ya ina. Ehemplo, nu itura mu ya ngagan ya presidente ya Republika ya Malolos nga Emilio y Famy tasenannó metubbud ya apelyidu ni ina na nga ni donya Trinidad Famy. Mekadwa, meyusar yaw ki pabbilang ki Español entre pagispeling. Ehemplo: **alas-tres y midya** (ikalu entre gadwa), **kuwarenta y singko** (appat nga pulu entre lima), **Benigno Aquino y Cojuangco.**

4.7. Eksperimento sa Español. Ito ang sinasadyang eksperimento sa pagbuo ng salitang pa-Español. Nagaganap ito malimit ngayon sa paglalagay ng hulaping pangkatawagan. Halimbawa: **siyentista, siyentipiko, piyanist.**

4.8. Gamit ng Español na Y. May espesyal na gamit ang titik na Y na binibigkas na katulad ng ating I gaya ng isulat, at kasingkahulugan ng ating at na mungkahing ipagpatuloy ang gamit sa Filipino. Ginagamit ito, una upang isulat ng buo ang pangalan ng lalaki kasama ang apelyedo ng ina. Halimbawa, isinusalat kung minsan ang pangalan ng pangulo ng Republikang Malolos na Emilio y Famy upang idugtong ang apelyedo ng kanyang ina na donya Trinidad Famy. Ginagamit ito, ikalawa sa pagbilang sa Espanyol at binabaybay. Halimbawa: **alas-tres y midya, kuwarenta y singko, Benigno Aquino y Cojuangco.**

5 | MATTAGUNUD YA PATINIG ENTRE DIPTONGGO

Tiya ngammin, ya ergo Malaweg e dayaw ya mabulun IYA, IYO, UWA, UWE, UWI, nga giya nga masita no dadduma ki pattura entre pabbuyat. Ehemplo: tuwalya (*toalla*), tiya (*tia*), nuwang, biyahe (*viaje*), piyak, Diyos (*Dios*), uweg, biskuwit (*biscuit*)

5 | KAMBAL-PATINIG AT DIPTONGGO

Sa pangkalahatan, ang wikang Malaweg ay sumusunod sa IYA, IYO, UWA, UWE, UWI, na tuntunin na makikita sa ilang pagkakataon sa pagsulat at pagbigkas. Halimbawa: tuwalya (*toalla*), tiya (*tia*), nuwang, biyahe (*viaje*), piyak, Diyos (*Dios*), uweg, biskuwit (*biscuit*)

6 | MABBULUN NGA KATINIG ENTRE DIGRAPONG SK, ST, SH, KT

Makagí nga mabbulun nga katinig eno digrapo ya duwá nga máttagunud nga katinig nga magúni ki issá nga pantig. Kagitta ya SK eno SC ki Ingles nga **desk, disk, brisk**, ya **ST** ki Ingles nga **test, contest, pest, post, artist** ya **KT** (CT) ki Ingles nga **aspect, subject**. No innán mu, ínyan ki pamalinan ya ergo daya máttagunud nga patinig. No asan dayaw nga katinig ki tángnga eno gapu ya ergo mággaddwa ya kebuyatan na kagittá ya buyát ya Filipino ki scholar “iskolar” entre schedule “iskedyul.”

6.1. Pattallung ya ST. Ki Malaweg, ya ispeling daya tinakkáw nga ergo nga asan máttagunud nga katinig e ispelingan mu pelamang kagitta ya gagangay nga itsura na. Ehemplo: **test, kontest, rest, arrest**.

6.2. Awan nga KT. Lagud kaínna, madi maksepta ya KT ta awan na mamba úni ya “T” ki bikas ya K ki issá nga pantig. Ehemplo: **adik** (*addict*), **korek** (*correct*), **sabjek** (*subject*), **abstrak** (*abstract*), **konek** (*connect*).

6.3. Digrapo nga CH entre SH. Ya digrapo nga CH entre SH e mábbulun nga katinig nga no buyatan mu e issá lamang ya úni na ki issa nga pantig. Ya CH ki Ingles nga no tákkawan mu eno ispelingan mu

6 | KAMBAL-KATINIG AT DIGRAPONG SK, ST, SH, KT

Maituturing na kambal-katinig o digrapo ang dalawang magkadikit na katinig na pinatutunog sa loob ng isang pantig gaya ng SK o SC sa English na **desk, disk, brisk**, at **ST** sa Ingles na **test contest, pess, post, artist** ng **KT** (CT) sa englis na **aspect, subject**. Kung tingna mo nasa dulo ng mga salita ang mga inihanay na kambal katinig. Kung nasa gitna o umpisa ng salita ang bigkas nito gaya sa Filipino ay nahahati gaya scholar “iskolar” o schedule “iskedyul.”

6.1. Pasok ang ST. Sa Malaweg, ang baybay ng hiniram na mga salita na may kambal-katinig ay babaybayin sa dating anyo. Halimbawa: **test, kontest, rest, arrest.**

6.2 Walang KT. Gayumpaman, hindi tinatanggap ang KT (CT) sa Malaweg dahil hindi diumano pinatutunog ang T sa tabi ng K sa loob ng isang pantig. Halimbawa: **adik** (*addict*), **korek** (*correct*), **sabjek** (*subject*), **abstrak** (*abstract*), **konek** (*connect*).

6.3. Digrapong CH at SH. Ang digrapong CH at SH ay mga kambal-katinig na binibigkas nang may isang tunog sa isang pantig. Ang CH sa Ingles kapag hiniram o babaybayin sa Malaweg, pinapalitan ito ng TS. Ang

ki Malaweg e matalyan ka TS. Ya digrapo nga SH e madi manguli. Ehemplo: **letsugas** (*lechugas*), **tsanel** (*channel*), **tsismis** (*chismis*), **letson** (*lechon*), **tsesa** (*chesa*), **shampu** (*shampoo*).

6.4. Pattagonud ya Katinig. Daya matatagonud nga katinig e masita ki Malaweg dyebit kindaya natakkaw nga ergo. Ehemplo: **plano**, **pritu**, **planggana**, **entrada**, **frenu**.

digrapong SH ay di magbabago. Halimbawa: **letsugas** (*lechugas*), **tsanel** (*channel*), **tsismis** (*chismis*), **letson** (*lechon*), **tsesa** (*chesa*), **shampu** (*shampoo*).

6.4. Kambal-katinig. Ang mga kambal-katinig ay makikita rin sa Malaweg lalong- lalo sa mga hiram na salita. Halimbawa: **plano**, **pritu**, **planggana**, **entrada**, **frenu**.

7 | PANOLI KIN DAYA TULDIK

7.1. Issa nga Itsura, Naduduma nga Kebuyatan. Ya tuldik nga paábbres (´) e meyusa ki ergo Malaweg tasenánno melandat ya ábbuyat kiya ergo entre meddánnan ka sangáwan nga kebalinan daya ergo nga nággita ya ispeling na ngam naddúma ya kebalinan na. Ehempro:

ána (mga bata)

aná (anak)

bátang (bahagi ng malaking puno)

batáng (bitag)

bílag (lakas)

bilág (bagay na pinapatuyo)

pútut (anak)

putút (salawal)

7 | PAGBABALIK SA TULDIK

7.1. Isang Anyo, Iba-ibang Bigkas. Ang tuldik na pahilis(´) ay ginagamit sa salitang Malaweg upang bigyang diin ang bigkas ng mga salita at mabigyan ng pagkakaiba ng kahulugan ng mga salitang may parehong baybay ngunit magkaiba ang kahulugan. Halimbawa:

ána (mga bata)

aná (anak)

bátang (bahagi ng malaking puno)

batáng (bitag)

bílag (lakas)

bilág (bagay na pinapatuyo)

pútut (anak)

putút (salawal)

8 | KEYUSARAN YA DAS

ssa nga marka nga adu ya keyusaran na e ya das (-). Dye daya daddúma nga keyusaran na yaw nga marka ki ergo Malaweg.

8.1. Ya Mesolsoli nga Ergo. Meyusar ya das (-) no ya ergo e mesolsoli kagitta ya:

gadwa-gadwa (hati-hati)
asu-asu (uri ng halaman)

8.2. Ya paggungay ya Katinig entre Patinig. Meyusar ya das seno pággungayan ya pantig nga mamalin ka katinig entre metagunud nga pantig e mamégapu ka patinig. Ehemplo:

makap-apasag (ihi nang ihi)
maken-enum (inom nang inom)

8.3. Ya pattura ki Oras. Meyusar ya das seno maggungay ya numero ki ergo. Ehemplo:

Alas-tres ka gidam
Alas-dose ka tanga algaw

8.4. Ya katagunud ya “De”. Meyusar ya gitling no ya ergo e asan unlapi na nga “de” nga naggapu ka Español nga ya kebalyanan na e “inobra eno alale”.

8 | GAMIT NG GITLING

sang bantas na maraming gamit ang gitling (-). Naririto ang ilang gamit ng naturang bantas sa Wikang Malaweg:

8.1. Sa Inuulit na Salita. Ginagamit ang gitling sa mga salitang inuulit tulad ng:

gadwa-gadwa (hati-hati)
asu-asu (uri ng halaman)

8.2. Sa Paghiwalay ng Katinig at Patinig. Ginagamit ang gitling upang paghiwalayin ang pantig na nagtatapos sa katinig at ang sumusunod na pantig na nagsisimula sa patinig. Halimbawa:

makap-apasag (ihi nang ihi)
maken-enum (inom nang inom)

8.3 Sa pasulat na Oras. Ginagamit ang gitling upang ihiwalay ang numero sa oras. Halimbawa:

Alas-tres ka gidam
Alas-dose ka tanga algaw

8.4 Sa kasunod ng “De.” Ginagamitan ng gitling ang salitang may unlaping de- mula sa Español na nangangahulugang “sa pamamagitan ng” o ginawa o

Ehemplo:

de-honor

de-nota

de-makina

de-lata

de-kalidad

“ginagamit sa parang.” Halimbawa:

de-honor

de-nota

de-makina

de-lata

de-kalidad

Ang mga Bumuo ng Ortograpiya ng Malaweg

Laarni O. Baloran
Mildred Q. Manicad
Arceli A. Gundan

Tagasubaybay

James D. Pamittan
Director Estela Cariño



KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

Gusaling Watson, 1610 Kalye J. P. Laurel
Malacañang Complex, San Miguel, Maynila
Tel. (02) 736-2525 / 736-2524 / 736-2519
www.facebook.com/angkomisyonsawikangfilipino
komfil@kwf.gov.ph
www.kwf.gov.ph

